www.kidworship.kr

# Jose 1 (Ang panaginip ni Jose)

– 12th Story–



79Page

**NAR** Mayroong labing dalwang anak si Jacob, Ngunit sa labing dal–awang iyon, mas kinalulugdan ni Jacob ang pang labing isa at yun ay si Jose. Dinadamitan ni Jacob si Jose ng mga makukulay na damit, hindi gaya ng kanyang mga kapatid. ANg mga kapa–tid ni Jose ay nagseselos sa atesnyon ng kanilang ama, at nag umpisang kamuhian nila si Jose.



80Page

**NAR** Madalas na nagkakaroon ng panaginip si Jose. Isang araw, ay ikinwento ni Jose ang kaniyang panaginip sa kanyang mga kapatid.

**Jose** "Mga kapatid! Nagkaroon ako ng panaginip kagabi. NAroon daw tayo sa bukid at tinatali ang ating mga inaning palay. Tapos bigla na lang daw tumayo ang bigkis ng palay ko. Pum–aligid at yumukod ang mga bigkis niyo sa bigkis ko. pagkatpos ay nagkaroon muli ako ng panaginip, nagyon naman ay ang araw, buwan at ang labing isang bitwuin ay yumukod saakin."

**Kapatid na lalaki 1** "Anong ibig mong sabihin, na magiging hari ka namin? Napaka walng kabuluhan ng iyong sinasabi!"

**Jacob** "Papaano ako, ang iyong ina at mga kapatid ay yuyukod sa iyo? Wag mo na ulit sasambitin ang ganyang salita!"

**NAR** Nang marinig ng mga kapatid ni Jose ang kaniyang panagínp, mas lalo nilang kinamuhian si Jose. Kahit ang kanyang ama na si Jose ay sinuway si Jose. Ngunit, hindi maalis sa isipan ni Jacob ang panaginip niyon nin Jose.



81Page

**NAR** Isang araw, sinabi ni Jacob kay Jose na pumunta at tignan ang kalagayan ng kanyang mga kapatid at ang kanilang mga alag–ang hayop.


**Kapatid na lalaki 1** "Tignan ninyo! Naririto na ang bida sa kanyang mga panaginip. Patayin na natin siya at ihulog sa isa sa mga balon na naririto."

**Reuben** "Huwag na natin siyang patayin. Itapon na lang natin siya sa balon."

**NAR** Kahit pa gusto ng magkakapatid na patayin si Jose ay hindi nila ito ginawa dahil na rin kay Reuben. Sa halip ay hinatak nila ang suot na damit ni Jose at itinapon siya sa balon. Nagmakaawa si Jose sa kanyang mga kapatid, ngunit hindi siya pinapansin ng kanyang mga kapatid.

**Kapatid na lalaki 1** "Huwag na natin patayin si Jose, ipagbili nalang natin siya doon sa taong iyon."

**Kapatid na lalaki 2** "Sige. Yan na lang ang ating gawin."



82Page


**NAR** Tulad nga nang napagkasunduan ng magkakapatid, ipinagbili nga nila si Jose kapalit ang dalawapung pirasong pilak sa mga Mga mangangalakal ng Madian na papunta sa egipto. Pagkatapos ay kinuha nila ang roba ni Jose at nilagyan ng dugo ng kambing na kanilang pinatay at ibinigay kay Jacob.

**Kapatid na lalaki 1** “Ama… pinatay ng isang mabangis na hayop at nilapa si Jose.”

**Jacob** “Ano? Patay na si Jose? Sigurado kaba riyan?”

**Kapatid na lalaki 2** “Opo ama, tignan niyo. Nakita naming ang kanyang roba.”

**Jacob** “Hindi! Jose! Jose! Paano ako mabubuhay kung wala ka!!!! Joseeee!”



83Page

**NAR** Dinala si Jose sa egipto at ibinenta bilang isang alipin kay Poti–far. Si Potifar ay isang opisyal na namamahala sa mga gwardya ng palasyo. Naging tapat na alila si Jose pero napagbintangan siya ng asawa ni Potifar sa isang pagkakasalang hindi naman niya ginawa.

**Asawa ni Potifar** “huhuhu! Mahal kong Asawa! Niloko ako ni Jose. Parusahan mo siya para saakin.”

**Potifar** “Ano?! Paano niya nagawang lokohin ang asawa ko! Ipatapon si Jose sa kulungan, ngayon din!”

**NAR** Naniniwala si Potifar sa kanyang asawa, kung kayat ipinatapon niya si Jose sa kulungan ng mga nagkasala sa hari.



84Page

**NAR** kahit na napagbintangan si Jose hindi niya kinamuhian ang sino man, Nakasama ni jose ang tagapangasiwa ng inumin at ang panadero ng hari. Isang araw, ang dalawang lalaki ay matamlay.

**Jose** “Bakit kayo matamlay?”

**Tagapan–gasiwa ng inumin** “Tagapangasiwa ng inumin Nagkaroon ako ng isang panaginip. Ako ay ang tagapangasiwa ng inumin ng hari, at sa kaing pa–naginip ay nakita ko ang isang puno na may tatlong sanga. Sa madaling panahon namulaklak ito,at namunga ng hinog na ubas. Kinuha ko ang ubas at piniga ito sa baso ng hari. At binigay ko ito sa hari. Ano sa palagay mo ang kahulugan ng aking panalangin?”

**Jose** “Ito ang kahulugan ng iyong panaginip. Sa loob ng tatlong araw ay papakawalan ka ng hari at ibabalik ka niya sa dati mong trabaho. At maglalagay ka ng inumis sa hari gaya ng dati mong ginagawa. Kapag maayos na ang lahat, alalahanin mo ako at pakitaan mo ako ng kabutihan at tulungan mo akong makalabas ditto sa kulungan.”

**Panadero** “Oh! Kaya mong bigyan ng kahulugan ang mga panaginip! Kung ganoon, pakiusap pakinggan moa ng akin, Ako ay ang panadero ng hari. Sa panaginip ay mayroong tatlong lagayan ng pagkain sa aking ulo. Sa mga lagayang iyon ay mayroong ibat ibang tinapay para sa hari. Ngunit kinakain ito ng mga ibon sa basket na nasa aking ulo.”

**Jose** “Ito ang kahulugan ng iyong panaginip, sa loob ng tatlong araw ay pupugutan ka ng ulo ng hari at isasabit ito sa puno.”

**Panadero** “Ano?!”

**NAR** Sa loob nga ng tatlong araw. Tulad ng sinabi ni Jose. Ngunit ang tagapanagsiwa ng inumin ng hari ay nakalimutan si Jose.



85Page

N A R Dalawang taon ang nakalipas, nag karoon ng dalawang kakaibang panalangin ang hari. Ang una ay  nakatayo raw ako sa pampang ng ilog nilo. Nakakita ako ng pitong pangiit na at payat na baka, kinain nila ang pitong matataba at magagandang baka. Ang pangalawa kong panaginip ay, may pitong umusbong na palay, magaganda ang mga butil sa uhay. Pagkatapos pitong uhay uli ang umusbong, payat at lanta ito. kinain naman nito ng mga payat na uhay ang mga malulusog na uhay.

Paraon “Isang kakaibang panaginip. Tawagin lahat ng mga majikero at mga matatalino ditto sa egipto.”

N A R Ngunit wala ni isa sakanila ang kayang ipaliwanag ang panaginip ng hari, ang tagapamahala ng inumin ng hari ay naalala si Jose na nagpaliwanag sa kanyang panaginip noon.

Tagapangasiwa ng inumin “Mahal na hari, may kilala akong tao na kayang ipaliwanag ang iyong panaginip.”

N A R Madaling ipinatawag si Jose. Si Jose ay napupuno ng karunungan mula sa Diyos, at nagawang bigyang kahulugan ang mga pangarap ni Paraon.

Jose “Mahal na paraon! Ang iyong dalawang panaginip ay magkaparehas lamang. Ipinakita ng Diyos sa iyo ang kanyang gagawin. Pitong taon ng masaganang ani. Pero masusundan agad ito ng pitong taon na tag gutom. Ang taggutom ay lubhang sisirain ang lupain. Kailangang makolekta lahaty ng mga pagkain na sasapat sa pitong taon at mag imbak ng sapat na kaban ng bigas. Upang magkaroon ng sapat na pagkain sa buong egipto. Kailangan pumili kayo ng isang taong marunong mangasiwa at alam ang gagawin sa ganitong sitwasyon.”

N A R Manghang mangha ang paraon kay Jose dahil wala ni isa sa egipto ang kasing talino ni Jose.



86Page

N A R Nagsalita ang Paraon sa harap ni Jose at mga tagasunod.

Paraon “Tunay nga na ikaw ay tao ng Diyos. Yamang ipinakilala sa iyo ng Diyos ang lahat ng ito, wala kang masyadong marunong at matalino na katulad mo.”

N A R Kinuha ng Paraon ang singsing na lagda mula sa kanyang daliri at inilagay ito sa daliri ni Joseph. Pagkatapos ay inatasan niya si Jose sa buong lupain ng Egypt.
Binigyan ng Diyos si Jose ng isang kamangha-manghang panaginip at tinitiyak na naganap ang panaginip.
Ipinadala ng Diyos si Jose sa Ehipto at pinapunta siya sa lahat ng ito upang mailigtas ang mga Israelita.
Sa lahat ng ito ang Diyos ay palaging kasama ni Jose.